DOI: https://doi.org/10.15631/ubafrj.v2i1.206

# Motibasyon at Kasanayang Sosyal Kaugnay sa Akademik Perpormans ng mga Mag-aaral sa mga Distrito ng Dagohoy, Danao, San Miguel at Trinidad, Bohol (Dadasantri)

**CHRISTIAN T. GALGAO**
Bohol Island State University, Zamora, Bilar, Bohol

***Corresponding Author: christiangalgao9@gmail.com***

## ABSTRAK

***Article History***

Submission: March 22, 2024
Revised: May 13, 2024
Accepted: July 31, 2024
Publication: September 2024

***Keywords***— Motibasyon, Kasanayang Sosyal, Pagtitimpi, Pakikiramay, Paninindigan, Pagtutulungan, Akademik Perpormans aral.

Nilalayong matasa ang antas ng motibasyon at kasanayang sosyal kaugnay sa akademik perpormans sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral ng Grade 12 sa mga distrito ng Dagohoy, Danao, San Miguel at Trinidad, Bohol ng taong panuruan 2022-2023. Gumamit ng Motivation Strategies for Learning Questionnaire (MSLQ) at Social Skills Rating Systems (SSRS) sa pagtasa ng antas ng kasanayang sosyal. Ang mga mag-aaral ay may edad labinwalong (18) taong gulang at karamihan ay kababaihan. May mataas na motibasyon ang mag-aaral. May mataas na kasanayang sosyal sa dimensyong pagtitimpi at paninindigan, napakataas sa pakikiramay at pagtutulungan. Nagtamo ng akademik perpormans na outstanding. May makabuluhang kaugnayan sa antas ng motibasyon at antas ng kasanayang sosyal. Walang makabuluhang kaugnayan sa motibasyon at akademik perpormans. May makabuluhang kaugnayan sa kasanayang sosyal at akademik perpormans. Walang makabuluhang baryans sa motibasyon at edad ng mag-aaral. Walang makabuluhang baryans sa kasanayang sosyal at edad ng mag-aaral. Walang makabuluhang baryans

© Christian T. Galgao (2025). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang medium o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

sa kasanayang sosyal at edad ng mag-aaral. Walang makabuluhang baryans sa motibasyon at kasarian ng mag-aaral. May makabuluhang baryans sa kasanayang sosyal at kasarian ng mag-aaral. May makabuluhang baryans sa akademik perpormans at kasarian ng mag-aaral.

## INTRODUKSYON

Ang motibasyon at kasanayang sosyal ng mga mag-aaral ay mahalaga upang makapagtamo ng epektibong pagkatuto. Ang motibasyon ay nag-uudyok sa isang mag-aaral na gawin ang isang bagay sa kanyang pag-aaral ng may kawilihan upang matuto. Mahalaga ang motibasyon sa mga mag-aaral upang magkaroon ng sigasig sa pag-aaral at magampanan nila ang kanilang mga pananagutan bilang mga mag-aaral.

Bilang pagsiguro, nagsagawa ng pagsusulit ang Programe for International Students Assessment (PISA) noong 2018, natuklasan sa pag-aaral na isa ang bansang Pilipinas na panghuli na nagkamit ng komprehensyon sa pagbasa. Sinasabing ang kakayahan sa pagbabasa ay mahalaga sa malawakang gawain ng tao, mula sa pagsunod ng mga panuto hanggang pagkilala kung sino, ano, kailan, saan, at bakit nagkaroon ng pangyayari hanggang sa pakikipag-ugnayan ng may kadahilanan (Philippine Star , 2019).

Ngunit, nagkaroon ng pagbabago sa sistema ng Kagawaran ng Edukasyon ng Taong Panuruan 2020-2021 dulot ng Covid-19 pandemic. Mula sa face-to-face na pagtuturo sa mga mag-aaral ito ay naging modular distance learning modality upang maipagpatuloy ang pagkatuto ng mga mag-aaral kahit may pandemya (DepEd Issues Guidelines for SY 2021-2022; Face-to-face Classes Still Prohibited | Department of Education, 2021)

Samakatuwid, mahalagang malinang bilang kasangkapan ng mga mag-aaral ang motibasyon at kasanayang sosyal upang maisakatuparan ang pagkakaroon ng epektibong pagkatuto, pakikipag-ugnayan sa ibang tao at kapaligiran.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang antas ng motibasyon at kasanayang sosyal na may kaugnayan sa akademik na pagganap ng mga Grade 12 na mag-aaral mula sa mga distrito ng Dagohoy, Danao, San Miguel, at Trinidad sa Bohol para sa taong panuruan 2022-2023. Layunin ng mananaliksik na masagot ang mga katanungan tungkol sa propayl ng mga mag-aaral batay sa kanilang edad at kasarian, ang antas ng kanilang motibasyon, at ang antas ng kasanayang sosyal sa mga dimensyon ng pagtitimpi, pakikiramay, paninindigan, at pagtutulungan. Isasalarawan din ang akademik na pagganap ng mga mag-aaral at susuriin kung mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng motibasyon, kasanayang sosyal, at akademik na pagganap. Bukod dito, alamin din kung mayroong makabuluhang baryans sa antas ng motibasyon, kasanayang sosyal, at akademik na pagganap ng mga respondente batay sa kanilang edad at kasarian. Sa huli, magmumungkahi ng mga hakbang na maaaring gawin batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

## BALANGKAS TEORITIKAL

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa mga teorya na nagbibigay-linaw sa mga salik na nakakaapekto sa motibasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral. Una, ang Self-Determination Theory nina Deci at Ryan (1971) ay nagsasaad na ang motibasyon at personalidad ay nakasalalay sa pagkakaroon ng kinakailangang kakayahan, pakikipag-ugnayan, at pagpapasya (Fernandez & Martin, 2022). Pangalawa, ang Expectancy Theory ni Vroom (1964) ay nagmumungkahi na ang motibasyon ng isang tao na kumilos ay nagmumula sa kanyang kaalaman na ang kanyang pagsisikap ay makikilala at papahalagahan (Mansaray, 2019). Sa ikatlong teorya, ang Goal-Setting Theory ni Locke (1968) ay nagpapakita na ang mga mahihirap na layunin ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng motibasyon kumpara sa mga simpleng gawain (Locke & Latham, 2019). Ipinapahayag din ng Self-Efficacy Theory ni Bandura (1977) kung paano ang sariling kakayahan ay nahahasa at nagbabago, at ang epekto nito sa pagbabago ng kilos at kasanayan sa kabuuan ng indibidwal (Graham, 2022). Huli, ang Theory of Cognitive Development ni Piaget (1936) ay naglalarawan na ang pagkatuto ay nagbabago habang ang mag-aaral ay lumalaki, at ang pag-unlad ng kaalaman ay nangangailangan ng pagbuo ng mental na modelo batay sa kanyang karanasan sa kapaligiran (Sanghvi, 2020).

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa pang-apat na layunin ng Sustainable Development Goals (SDGs) ng United Nations, na itinaguyod noong 2015. Binubuo ng 17 layunin at 169 target, ang SDGs ay naglalayong lumikha ng pangmatagalang positibong pagbabago at kalayaan sa mga aspeto ng tao, planeta, kasaganaan, kapayapaan, at pakikipagsosyo, na nagtutok sa pagwawakas ng kahirapan, gutom, at karamdaman, at pagsusulong ng edukasyon at karapatang pantao. Layunin din nitong itaguyod ang pag-unlad ng ekonomiya, panlipunan, at kapaligiran (Martin, 2023).

Ayon sa Batas Republika Blg. 10533 o "Batas sa Pinabuting Batayang Edukasyon ng 2013," ipinapahayag ng Seksyon II na ang bawat nagtapos sa batayang edukasyon ay dapat maging may-kapangyarihang indibidwal sa pamamagitan ng programang nakaugat sa prinsipyo ng kahusayan at mga batayan ng pagkatuto sa buong buhay. Ang K to 12 Education Program, na naglalayong dagdagan ang dalawang taong pag-aaral sa Pilipinas, ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng paghahanda ng mga mag-aaral para sa kolehiyo, pagpapalawig ng kasanayan, entrepreneurship, at pandaigdigang paggawa (News, 2023).

Ang sumusunod na kaugnay na literatura ay nagbibigay ng kaligirang impormasyon na naging sanligan ng pananaliksik:

Mahalagang salik ang sikolohikal sa pagkamit ng academic perpormans dahil sa personal na kakayahan, motibasyon, *stress* at *test anxiety* sa mga asignaturang kanilang pinag-aralan. Nararapat na ang guro ay pipili ng mga gawaing makatutulong sa susunod na mga panahon. Sa pamamagitan nito,

nakaapekto ito sa pansariling kakayahan sa paggawa at academic perpormans nito (Beharu, 2018).

Ayon kay Buka (2017), sa kanyang artikulong *Promoting Academic Achievement through Positive Relationships*, ang positibong ugnayan ay makapagbibigay ng mataas na motibasyon upang matuto. Ito ay nagsisilbing epektibong kagamitan ng mga guro upang maisakatuparan ang mabuting aspeto ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung nararamdaman ng mga mag-aaral ang halaga at pag-aaruga para sa kanila, maaaring susunod ito sa mga gawain.

Natuklasan sa mga dalubhasang mananaliksik na ang pagbibigay sa mga mag-aaral ng mga pagkakataon sa pagpapa-unlad ng kasanayang sosyal, ang mga mag-aaral ay nagiging masaya, nakikipag-ugnayan at napataas ang antas ng kanilang pagkatuto. Mula sa natuklasan, ito ay naglalayong bigyang pansin ng mga mag-aaral ang kasanayang sosyal upang mapataas ang kabuuang antas ng pagkatuto, mapa-unlad ang kasanayan upang mapaghandaan ang pagtatrabaho at masiguro ang pakikipag-ugnayan sa pamilya at lipunan (Stefa, 2018).

Binanggit nina Casquero et al. (2022), kahit nangyayari sa maliit na pangkat ang pagkatuto, ang kolaboratibong pagkatuto gamit ang *hands-on* na dulog ay nagpapataas ng antas sa akademik perpormans, motibasyon, at nakatutulong sa mga mag-aaral na makamit ang kasanayan sa kanilang propesyon.

Sa pag-aaral ni Mezan (2019), na pinamagatang "The Role of Peer Group in the Relationship Between Peer Motivational Climate, Classroom Goal Structure and Social and Academic Achievement Goals Orientation, Mediated by Social Self-Efficacy", ang "Social Self-Efficacy" tinutukoy bilang paniniwala sa sarili sa kanyang kasanayang makapagpaunlad ng kanyang sarili kakayahan at pakikipag-ugnayan na nagdudulot ng nagpapataas ng tiwala sa sarili upang punan ang nakababahalang pangyayari sa buhay.

Ayon sa pag-aaral ni Niccum (2018), na pinamagatang "Addressing Student Motivation in the School Setting", ang pananaliksik ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng mababang motibasyon at mahihina sa kanilang akademik na perpormans. Upang maintindihan ang akademik na pag-unlad at gumawa ng programang naaayon sa kinakailangan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-iisip at akademikong tunguhin upang mapataas ang kagustuhan sa pagkamit.

Binanggit sa pag-aaral na pinamagatang "Does self-efficacy correlate with positive emotion and academic performance in collaborative learning?", ang sariling kakayahan ay mahalagang bahagi ng social cognitive theory at nagbibigay ng pundasyon upang suriin ang katangian ng tao, motibasyon at aksyon nito. Sa pag-aaral, ang pagkamit ng perpormans at pagtapos ng mga gawain ay direktang nauugnay sa antas ng sariling kakayahan (Dehbozorgi et al., 2021).

Ayon sa pag-aaral nina Garshasbi et al. (2017) na pinamagatang "The

Impact of a Cooperative Learning Model on Students' Self-Motivation and Academic Performance in High School", sa pagtataya ng mag-aaral sa sariling kasanayan, kinakailangang mabatid nito ang kanilang sariling kakayahan sa pagkatuto, kaalaman, at impormasyong nais na mabatid sa kanilang kakayahan at limitasyon. Iminungkahing kailangan silang nakatuon sa pagkatuto at maging responsable. Kinakailangang hindi sila maghihintay na may magsusubaybay para sa kanilang pagkatuto

Ayon sa pag-aaral nina Atuboinoma & Amadi (2021) na pinamagatang "Perceived Influence of Classroom Interactions on Students Academic Performance in Senior Secondary Schools in Rivers State", malawak na tinatanggap ang edukasyon na isa sa mga kagamitan upang mapaunlad ang sarili sa komunidad. Sa pamamagitan ng edukasyon, nakakakuha ng sariling kaalaman at kasanayang higit na magagamit sa epektibong pamumuhay. Samakatuwid, upang maisakatuparan ito mahalaga ang proseso ng pagbabahagi ng kaalaman, kinakailangang ang guro at mag-aaral ay magkakaroon ng makabuluhang ugnayan sa loob ng paaralan gamit ang estratehiyang akma para sa pagkamit ng hinahangad na kinalabasan

Binanggit sa pag-aaral na pinamagatang "The Effectiveness of Students Teams Achievements Division (STAD) Method toward Students' Motivation in Reading Comprehension at the Seventh Grade of SMPN 2 Ponorogo in Academic Year 2019-2020", mahalaga ang ginagampanan ng motibasyon sa pag-unlad ng kasanayang sosyal tungo sa pakikipag-halubilo sa ibang mag-aaral. Gamit ang Students Teams Achievement Division (STAD) na pamamaraan bilang alternatibong paraan sa pagtuturo ng pagbasa nagdudulot ito sa mga mag-aaral ng aktibong pakikipag-ugnayan sa kanyang mga kaibigan upang magbigay ng solusyon sa pagkatuto (Barokah, 2020).

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong kwantitatibong sarbey at documentary analysis, kung saan dalawang talatanungan ang ginamit sa pagkalap ng datos: ang Motivation Strategies for Learning Questionnaire (MSLQ) nina Pintrich at DeGroot (1990) para sa antas ng motibasyon, at ang Social Skills Rating Systems (SSRS) nina Gresham at Elliot (1990) para sa antas ng kasanayang sosyal. Para sa akademikong pagganap, ginamit ang documentary analysis ng transmuted grade interval mula sa Kagawaran ng Edukasyon, na nag-ugnay sa nakalap na datos sa pagganap ng mga mag-aaral sa unang kwarter ng asignaturang Filipino. Ang antas ng motibasyon ng mga mag-aaral ay sinukat gamit ang MSLQ, na nagpapakita ng maraming salik na nakakaapekto sa kanilang akademikong pagganap, at ang talatanungan ay may iba't ibang aspeto ng motibasyon sa estratehiya ng pagkatuto, gamit ang Likert scale na may apat na sukatan para sa antas ng kasunduan ng mga respondente.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Sa bahaging ito, matutunghayan ang presentasyon sa kinalabasan ng mga sinuring datos na siyang mahalaga sa pagtuklas sa mga layunin ng pag-aaral.

Mula sa kabuuang bilang na tatlong daan tatlumpu't isa (331) o 100% na mga mag-aaral, nangunguna ang may bilang dalawanraana't apat (204) o 61.6% na may edad labinwalo (18) , pangalawa ang may bilang limampu't dalawa (52) o 15.7% na may edad labinsiyam (19), pangatlo ang may bilang apatnapu't isa (41) o 12.4% na may edad labinpito (17) pababa, pang-apat ang may bilang labinsiyam (19) o 5.7%  na may edad dalawampu't isa (21) pataas, panlima ang may bilang labinlima (15) o 4.5% na may edad dalawampo (20).

Nangunguna ang babae na may bilang dalawandaan tatlumpu't lima (235) o 71% at sinundan naman ito ng mga lalake na may bilang siyamnapu't anim (96) o 29%.

Pinakamataas ang bilang apat (4) na (Mahalaga para sa akin ang mga itinuturo sa loob ng paaralan) may mean 3.8520 at taglay ang standard deviation na 0.45309 na may interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon"; pangalawa sa pinakamataas ay ang bilang lima (5) na (Masaya ako sa aking mga natutunan) may mean 3.8278 at taglay ang standard deviation na 0.46445 na may interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon"; pangatlo sa pinakamataas ay ang bilang lima (15) na (Sa tingin ko ang mga natutunan ko sa klase ay makatutulong sa akin balang-araw) may mean 3.7523 at taglay ang standard deviation na 0.51548 na may interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon". Samantala, makikita ring nangunguna sa pinakamababa ang bilang walo (8) na (Tiwala ako na mangingibabaw ako sa lahat ng mga mag-aaral) may mean 2.1239 at taglay ang standard deviation na 0.77052 na may interpretasyong "Hindi gaanong sumasang-ayon"; pangalawa sa pinakamababa naman ang bilang siyam (9) na (Nakakalamang ako kung ihambing ako sa ibang mag-aaral) may mean 2.1873 at taglay ang standard deviation na 0.70579 na may interpretasyong "Hindi gaanong sumasang-ayon"; pangatlo sa pinakamababa ang bilang tatlumpu't walo (38) na (Sa tuwing nagsasalita ang guro, nag-iisip ako ng ibang bagay at hindi nakikinig sa kanyang mga sinasabi) may mean 2.3263 at taglay ang standard deviation na 0.92566 na may interpretasyong "Hindi gaanong sumasang-ayon".

Sa dimensyong pagtitimpi nangunguna sa pinakamataas ang bilang tatlo (3) (Sinusunod ko ang utos ng aking mga guro) na may mean 3.6918 at standard deviation 0.49411 na may interpretasyong "Napakataas ng kasanayang sosyal" ; pangalawa sa pinakamataas ay ang bilang una (1) (Gumagawa ako ng mga magagandang bagay para sa aking mga magulang gaya ng pagtulong sa mga gawaing bagay) na may mean 3.6254 at standard deviation 0.51507 na may interpretasyong "Napakataas ng kasanayang sosyal"; pangatlo sa pinakamataas ay ang bilang dalawa (2) (Madali lang akong makapagkaibigan) na may mean 3.3746 at standard deviation 0.71254 na may interpretasyong "Napakataas ng kasanayang sosyal". Habang nangunguna sa pinakamababa naman ang

bilang pito (7) (Naging mahinahon ako sa mga taong may galit sa akin) na may mean 3.0665 at standard deviation 0.73141 na may interpretasyong "Mataas ang kasanayang sosyal"; pangalawa sa pinakamababa ang bilang anim (6) (Pumipigil ako sa mga nakatatanda na hindi makipagtalo) na may mean 2.9335 at standard deviation 0.90543 na may interpretasyong "Mataas ang kasanayang sosyal"; pangatlo sa pinakamababa ang bilang lima (5) (Naging pabigat ako sa aking mga magulang o guro kung magkakaroon ng hindi pagkaintindihan) na may mean 2.0000 at standard deviation 0.88077 na may interpretasyong "Mababa ang kasanayang sosyal".

Sa kabilang banda, sa dimensyong pakikiramay nangunguna sa pinakamataas ang bilang tatlo (3) (Nakikinig ako sa aking mga kaibigan kung may problema silang ibabahagi) na may mean 3.7795 at standard deviation 0.48897 na may interpretasyong "Napakataas ng kasanayang sosyal"; pangalawa sa pinakamataas ay ang bilang dalawa (2) (Naaawa ako sa iba kung may masamang mangyari sa kanila) na may mean 3.6616 at standard deviation 0.59824 na may interpretasyong "Napakataas ng kasanayang sosyal"; pangatlo sa pinakamataas ay ang bilang apat (4) (Sinusubukan ko na intindihin ang mga kaibigan ko tuwing sila ay nakaranas ng galit, pagkadismaya o kalungkutan) na may mean 3.6073 at standard deviation 0.57457 na may interpretasyong "Napakataas ng kasanayang sosyal". Habang nangunguna sa pinakamababa naman ang bilang pito (7) (Sinusubukan ko na intindihin ang mga kaibigan ko tuwing sila ay makaranas ng galit, pagkadismaya o kalungkutan) na may mean 3.5589 at standard deviation 0.58672 na may interpretasyong "Napakataas ng kasanayang sosyal"; pangalawa sa pinakamababa ang bilang lima (5) (Hinahayaan ko na malaman ng aking mga kaibigan na gusto ko sila sa pamamagitan ng pakikipag-usap o pagpapakita nito sa kanila) na may mean 2.2840 at standard deviation 0.78103 na may interpretasyong "Napakataas ng kasanayang sosyal"; pangatlo sa pinakamababa ang bilang una (1) (Panig ako sa aking mga kaibigan kung hindi patas ang hatol para sa kanila) na may mean 3.1450 at standard deviation 0.79590 na may interpretasyong "Mataas ang kasanayang sosyal".

Mula naman sa dimensyong paninindigan nangunguna sa pinakamataas ang bilang lima (5) (Nakikinig ako sa mga nakatatanda kung sila ay nagsasalita) na may mean 3.5559 at standard deviation 0.74613 na may interpretasyong "Napakataas ng kasanayang sosyal"; pangalawa sa pinakamataas ay ang bilang anim (6) (Iniiwasan ko na makipagtulungan lalo na kung ito ay makapagbibigay ng problema sa mga nakatatanda) na may mean 3.0151 at standard deviation 0.89599 na may interpretasyong "Mataas ang kasanayang sosyal"; pangatlo sa pinakamataas ay ang bilang una (1) (Ako ang nagsisimula ng pag-uusap sa aking kapwa mag-aaral) na may mean 2.9789 at standard deviation 0.72791 na may interpretasyong "Mataas ang kasanayang sosyal". Habang nangunguna sa pinakamababa naman ang bilang tatlo (3) (Humihingi ako ng tulong sa mga kaibigan sa tuwing may problema) na may mean 2.9486 at standard deviation 0.81673 na may interpretasyong "Mataas ang kasanayang sosyal"; pangalawa sa

pinakamababa ang bilang dalawa (2) (Nauna akong magsimula ng pakikipag-usap sa mga hindi ko kapareha ng kasarian) na may mean 2.6042 at standard deviation 0.85485 na may interpretasyong "Mataas ang kasanayang sosyal"; pangatlo sa pinakamababa ang bilang apat (4) (Niyayaya ko ang nagustuhan ko na makapag-date sa akin) na may mean 1.6828 at standard deviation 1.01159 na may interpretasyong "Napakababa ng kasanayang sosyal".

Mababatid sa dimensyong pagtutulungan na nangunguna sa pinakamataas ang bilang lima (5) (Nakikinig ako sa mga nakatatanda kung sila ay nagsasalita) na may mean 3.6405 at standard deviation 0.59853 na may interpretasyong "Napakataas ng kasanayang sosyal"; pangalawa sa pinakamataas ay ang bilang dalawa (2) (Nagpapaalam muna ako bago manghiram ng bagay sa ibang tao) na may mean 3.6284 at standard deviation 0.55403 na may interpretasyong "Napakataas ng kasanayang sosyal"; pangatlo sa pinakamataas ay ang bilang tatlo (3) (Pinapanatili ko na malinis at maayos ang aking desk) na may mean 3.4683 at standard deviation 0.62865 na may interpretasyong "Napakataas ng kasanayang sosyal". Habang nangunguna sa pinakamababa naman ang bilang apat (4) (Tinatapos ko sa takdang oras ang mga gawain sa paaralan) na may mean 3.1631 at standard deviation 0.72861 na may interpretasyong "Mataas ang kasanayang sosyal"; pangalawa sa pinakamababa ang bilang anim (6) (Iniiwasan ko na makipagtulungan sa lalo na kung ito ay makapagbibigay ng problema sa mga nakatatanda) na may mean 3.1480 at standard deviation 0.84879 na may interpretasyong "Mataas ang kasanayang sosyal"; pangatlo sa pinakamababa ang bilang una (1) (Humihingi ako ng tulong sa iba) na may mean 2.9577 at standard deviation 0.76159 na may interpretasyong "Mataas ang kasanayang sosyal".

Nagtamo ng pinakamataas na datos ang may interpretasyong "Outstanding" na may bilang dalawandaan tatlumpu't walo (238) o 71.9%; pangalawa ang may interpretasyong "Very Satisfactory" na may bilang pitumpu't dalawa (72) o 21.8%; pangatlo naman ang may interpretasyong "Satisfactory" na may bilang dalawampu't isa (21) o 6.3% at walang naitalang datos para sa interpretasyong "Did Not Meet Expectations".

Hinggil sa kaugnayan ng antas ng motibasyon at antas ng kasanayang sosyal nagtamo ng 0.467 correlation coefficient sa 0.01 na lebel at 0.000 na p-value.

Sa kaugnayan ng antas ng motibasyon at akademik perpormans, nagtamo ito ng -0.035 correlation coefficient sa 0.05 na lebel at 0.521 na p-value.

Sa pagitan ng kaugnayan ng antas ng kasanayang sosyal at akademik perpormans, nagtamo ito ng -0.121 correlation coefficient sa 0.05 na lebel at 0.027 na p-value.

Sa pagsusuri sa makabuluhang baryans sa antas ng motibasyon ng mga respondente kung ipapangkat ayon sa edad. Mula sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral na tatlong daan tatlumpu't isa (331), gamit ang Kruskal Wallis Test na pagsusuri, nangunguna ang edad dalawampu't isa (21) pataas na may bilang labinsiyam (19) na may mean rank na isandaan walumpu't apat punto

dalawampu't isa (184.21); pangalawa ang edad labinwalo (18) na may bilang dalawandaana't apat (204) na may mean rank na isandaan animnapu't siyam punto pitumpu't lima (169.75); pangatlo ang edad labinsiyam (19) na may bilang na limampu't dalawa (52) na may mean rank na isandaan animnapu't apat punto limampu't dalawa (164.52); pang-apat ang edad labinpito (17) pababa na may bilang apatnapu't isa (41) na may mean rank na isandaan limampu't anim punto limampu't lima (156.55); panghuli ang edad dalawampu (20) na may bilang na labinlima (15) na may mean rank na isandaan dalawampu't dalawa punto walumpu't tatlo (122.83). Sa kabilang banda, natuklasan sa pagsusuri gamit ang Chi-Square na walang makabuluhang baryans sa pagitan ng antas ng motibasyon at edad ng mga mag-aaral na nagtamo ng apat punto apat pitumpu (4.470) sa apat (4) na degrees of freedom na may punto tatlo apatnapu't anim (0.346) na p-value mataas sa significance level na 0.05. Ang null hipotesis sa pag-aaral ay tinanggap, samakatuwid, walang makabuluhang baryans sa pagitan ng antas ng motibasyon at edad ng mga mag-aaral. Batay sa datos, hindi nagkakalayo ang natamong antas ng motibasyon ng mga respondente kung ipapangkat ayon sa kanilang edad.

Sa pagsusuri sa makabuluhang baryans sa antas ng kasanayang sosyal ng mga respondente kung ipapangkat ayon sa edad. Mula sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral na tatlong daan tatlumpu't isa (331), gamit ang Kruskal Wallis Test na pagsusuri, nangunguna ang edad labinsiyam (19) na may bilang na limampu't dalawa (52) na may mean rank na isandaan animnapu't walo punto labinlima (168.15); pangalawa ang edad labinwalo (18) na may bilang dalawandaana't apat (204) na may mean rank na isandaan animnapu't anim punto pitumpu't isa (166.71); pangatlo ang edad labinpito (17) pababa na may bilang apatnapu't isa (41) na may mean rank na isandaan animnapu't anim punto pito (166.07); pang-apat ang edad dalawampu't isa (21) pataas na may bilang labinsiyam (19) na may mean rank na isandaan animnapu't lima punto animnapu't anim (165.66); panghuli ang edad dalawampu (20) na may bilang na labinlima (15) na may mean rank na isandaan apatnapu't siyam punto pito (149.07). Samakatuwid, natuklasan sa pagsusuri gamit ang Chi-Square na walang makabuluhang baryans sa pagitan ng antas ng kasanayang sosyal at edad ng mga mag-aaral na nagtamo ng punto limampu at walo (0.508) sa apat (4) na degrees of freedom na may punto siyam pitumpu't tatlo (0.973) na p-value mataas sa significance level na 0.05. Ang null hipotesis sa pag-aaral ay tinanggap, samakatuwid, walang makabuluhang baryans sa pagitan ng antas ng kasanayang sosyal at edad ng mga mag-aaral. Batay sa datos, hindi nagkakalayo ang natamong antas ng kasanayang sosyal ng mga respondente kung ipapangkat ayon sa kanilang edad.

Sa pagsusuri sa makabuluhang baryans sa akademik perpormans ng mga respondente kung ipapangkat ayon sa edad. Mula sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral na tatlong daan tatlumpu't isa (331), gamit ang Kruskal Wallis Test na pagsusuri, nangunguna ang edad labinwalo (18) na may bilang dalawandaana't apat (204) na may mean rank na isandaan pitumpu't pito

punto walumpu't pito (177.87); pangalawa ang edad labinpito (17) pababa na may bilang apatnapu't isa (41) na may mean rank na isandaan animnapu't isa punto apatnapu (161.40); pangatlo ang edad labinsiyam (19) na may bilang na limampu't dalawa (52) na may mean rank na isandaan animnapu punto dalawampu't siyam (160.29); pang-apat ang edad dalawampu (20) na may bilang na labinlima (15) na may mean rank na isandaan dalawampu't tatlo punto siyamnapu't pito (123.97); panghuli ang edad dalawampu't isa (21) pataas na may bilang labinsiyam (19) na may mean rank na siyamnapu't pito punto dalawampu't siyam (97.29). Samakatuwid, natuklasan sa pagsusuri gamit ang Chi-Square na walang makabuluhang baryans sa pagitan ng antas ng kasanayang sosyal at edad ng mga mag-aaral na nagtamo ng labing-anim punto dalawampu at apat (16.204) sa apat (4) na degrees of freedom na may punto tatlo (0.003) na p-value mababa sa significance level na 0.05. Ang null hipotesis sa pag-aaral ay hindi tinanggap, samakatuwid, may makabuluhang baryans sa pagitan ng akademik perpormans at edad ng mga mag-aaral. Batay sa datos, nagkakalayo ang natamong akademik perpormans ng mga respondente kung ipapangkat ayon sa kanilang edad.

Sa pagsusuri sa makabuluhang baryans sa antas ng motibasyon ng mga respondente kung ipapangkat ayon sa kasarian. Mula sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral na tatlong daan tatlumpu't isa (331), nangunguna ang mga babae na may bilang dalawandaan tatlumpu't lima (235) at nagtamo ng mean rank na isandaan animnapu't anim punto apatnapu't walo (166.48); pangalawa ang mga lalaki na may bilang siyamnapu't anim (96) at nagtamo ng mean rank na isandaan animnapu't apat punto walumpu't tatlo (164.83). Nagtamo ng negatib punto labing-apat na z-score at dalawa (-0.142) na may punto walumpu't walo ay pito (0.887) na p-value mataas sa significance level na 0.05. Ang null hipotesis sa pag-aaral ay tinanggap, samakatuwid, walang makabuluhang baryans sa pagitan ng antas ng motibasyon at kasarian ng mga mag-aaral. Batay sa datos, hindi nagkakalayo ang natamong antas ng motibasyon ng mga respondente kung ipapangkat ayon sa kasarian.

Sa pagsusuri sa makabuluhang baryans sa antas ng kasanayang sosyal ng mga respondente kung ipapangkat ayon sa kasarian. Mula sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral na tatlong daan tatlumpu't isa (331), nangunguna ang mga lalaki na may bilang siyamnapu't anim (96) at nagtamo ng mean rank na isandaan walumpu't apat punto tatlumpu't apat (184.34); pangalawa ang mga babae na may bilang dalawandaan tatlumpu't lima (235) at nagtamo ng mean rank na isandaan limampu't walo punto limampu't isa (158.51). Nagtamo ng negatib punto dalawa punto dalawa't tatlumpu (-2.230) na z-score at punto dalawampu't anim (0.026) na p-value mababa sa significance level na 0.05. Ang null hipotesis sa pag-aaral ay hindi tinanggap, samakatuwid, may makabuluhang baryans sa pagitan ng antas ng kasanayang sosyal at kasarian ng mga mag-aaral. Batay sa datos, nagkakalayo ang natamong antas ng kasanayang sosyal ng mga respondente kung ipapangkat ayon sa kasarian.

Sa pagsusuri sa makabuluhang baryans sa akademik perpormans

ng mga respondente kung ipapangkat ayon sa kasarian. Mula sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral na tatlong daan tatlumpu't isa (331), nangunguna ang mga babae na may bilang dalawandaan tatlumpu't lima (235) at nagtamo ng mean rank na isandaan walumpu't anim punto siyamnapu't tatlo (186.93); pangalawa ang mga lalaki na may bilang siyamnapu't anim (96) at nagtamo ng mean rank na isandaan labing-apat punto pitumpu't pito (114.77). Nagtamo ng negatib anim punto dalawa apatnapu't apat (-6.244) na z-score at wala (0.000) na p-value mababa sa significance level na 0.05. Ang null hipotesis sa pag-aaral ay hindi tinanggap, samakatuwid, may makabuluhang baryans sa pagitan ng akademik perpormans at kasarian ng mga mag-aaral. Batay sa datos, nagkakalayo ang natamong antas ng akademik perpormans ng mga respondente kung ipapangkat ayon sa kasarian.

## KONGKLUSYON

Ang pag-aaral ay nagpakita na sa apat na distritong saklaw ng pananaliksik, ang karamihan sa mga respondente ay 18 taong gulang, at higit na kababaihan. Nakita rin na mataas ang antas ng motibasyon ng mga mag-aaral, na nagmumungkahi ng kumpiyansa sa kanilang pag-aaral. Gayunpaman, kailangan pa ng mga karagdagang aksyon upang lalo pang mapataas ang kanilang motibasyon. Ipinapakita rin ng pag-aaral na mataas ang kasanayang sosyal ng mga mag-aaral sa iba't ibang dimensyon: pagtitimpi, pakikiramay, paninindigan, at pagtutulungan. Ang mga mag-aaral ay may kakayahang pigilin ang kanilang sarili sa mga sitwasyon ng kaguluhan, nagbibigay ng suporta sa isa't isa, at may mataas na antas ng pagtutulungan sa kanilang kapaligiran. Ang mga respondente ay nakakuha ng napakataas na marka sa unang kwarter ng asignaturang Filipino, na nagpapahiwatig ng kanilang mahusay na akademikong pagganap. Napag-alaman din na may makabuluhang kaugnayan ang antas ng motibasyon at kasanayang sosyal, ngunit walang kaugnayan sa pagitan ng antas ng motibasyon at akademikong pagganap. Walang makabuluhang baryans ang natukoy sa antas ng motibasyon at edad ng mga mag-aaral, gayundin sa antas ng kasanayang sosyal. Sa kabaligtaran, may makabuluhang baryans sa akademikong pagganap at edad. Sa pagsusuri sa kasarian, walang makabuluhang baryans sa antas ng motibasyon, ngunit may makabuluhang baryans sa kasanayang sosyal at akademikong pagganap.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga kinalabasan at nabuong kongklusyon, masigasig na iminungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Magkaroon ng integrasyon sa asignaturang Filipino ng mga gawaing naglalayong mapataas lalo ang antas ng motibasyon at antas ng kasanayang sosyal ng mga mag-aaral.
2. Sa tulong ng mga guro, himukin ang mga mag-aaral na magkaroon

ng partisipasyon sa mga gawain at pagsasanay sa loob ng paaralan upang mahasa ang kanilang kasanayan at motibasyon sa sarili na magdudulot ng positibong epekto bilang mag-aaral.

3. Isali sa mga gawain at pagsasanay sa gagawing I-plan ang paggalang sa mga nakatatanda at mga magulang upang mapataas pa lalo ang pagkakaroon ng antas ng kasanayan sa pagtitimpi ng mga mag-aaral.
4. Magkaroon ng pagsasadula bilang bahagi ng pagsasanay sa mga pagkakataong higit nangangailangan ng tulong upang mabatid ang kahalagahan sa pagtulong sa ibang tao.
5. Magbigay gabay ang mga guro sa pagpapabatid sa mga mag-aaral gamit ang mga gawain at pagsasanay sa loob ng klase hinggil sa kahalagahan ng pakikipag-ugnayan kahit sa hindi kapareho ng kasarian upang maiwasan ang hadlang sa pakikipagkomunikasyon at ugnayan bilang mga mag-aaral.
6. Ipagpatuloy ang mga gawain at pagsasanay hinggil sa pagtamo ng akademik perpormans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at kung maari madagdagan pa ito upang maging akma sa pagbabago ng panahon at mga mag-aaral.
7. Maglaan ng pondo sa pagbuo ng iba't ibang uri ng pagsasanay sa mga guro hinggil sa pagpapataas ng antas ng motibasyon at antas ng kasanayang sosyal sa mga mag-aaral upang ito ay hindi makalimutan at epektibong maituro sa mga mag-aaral.
8. Bigyang tugon ang pagkakaroon ng gawain at pagsasanay na makapagpataas ng antas ng motibasyon at antas ng kasanayang sosyal sa mga polisiya at programa ng paaralan para sa pagpapaunlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Kailangang ito ay mayroong partisipasyon ng mga mag-aaral at guro, at mayroong malinaw na mga tunguhin upang mas maging epektibo sa pagpapaunlad ng pagkatuto sa asignatura Filipino.
9. Ang Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Bohol ay magbibigay ng sapat na pagsasanay sa mga guro upang epektibong magabayan ang mga mag-aaral sa pagtamo ng mataas na antas ng motibasyon at kasanayang sosyal. Tiyaking may sapat na kaalaman ang mga guro kung paano maisama sa kasanayan sa asignatura.
10. Iminumungkahi na magkaroon ng malawakang pag-aaral hinggil sa pagpapataas ng antas ng motibasyon at antas ng kasanayang sosyal sa iba pang larangan at asignatura.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Atuboinoma, A. J., & Amadi, E. (2021). Perceived influence of classroom interactions on students' academic performance in senior secondary schools in Rivers State. International Journal of Innovative Education Research, 9(2), 95-104. https://bit.ly/3JHqGmr

Barokah, A. R. (2020). The effectiveness of Students Teams Achievements Division (STAD) method toward students' motivation in reading comprehension at the seventh grade of SMPN 2 Ponorogo in academic year 2019/2020 (Doctoral dissertation, IAIN Ponorogo). https://bit.ly/3yIRzzY

Beharu, W. T. (2018). Psychological factors affecting students' academic performance among freshman psychology students in Dire Dawa University. Journal of Education and Practice, 9(4), 59-65. https://bit.ly/3mSEHok

Buka, P. (2017). Promoting academic achievement through positive relationships. Journal of Educational and Social Research, 3(3), 323. https://bit.ly/3FmQSQE

Casquero-Modrego, N., Núñez-Andrés, M. A., & Iniesto-Alba, M. J. (2022). Effects of small-group learning on the assessment of professional skills through a PBL activity. Transactions in GIS, 26(4), 1735-1753. https://bit.ly/3FMlHOT

Dehbozorgi, N., Maher, M. L., & Dorodchi, M. (2021, October). Does self-efficacy correlate with positive emotion and academic performance in collaborative learning? In 2021 IEEE Frontiers in Education Conference (FIE) (pp. 1-8). IEEE. https://bit.ly/40cAPgl

Department of Education. (2021). DepEd issues guidelines for SY 2021-2022; face-to-face classes still prohibited. https://bitly.ws/XDjT

Fernandez-Perez, V., & Martin-Rojas, R. (2022). Emotional competencies as drivers of management students' academic performance: The moderating effects of cooperative learning. The International Journal of Management Education, 20(1), 100600. https://bitly.ws/WUqL

Garshasbi, A., Vajargah, K. F., & Arefi, M. (2017). The impact of a cooperative learning model on students' self-motivation and academic performance in high school. MOJEM: Malaysian Online Journal of Educational Management, 4(3), 37-51. https://bit.ly/3ZJK07Y

Graham, S. (2022). Self-efficacy and language learning–what it is and what it isn't. The Language Learning Journal, 50(2), 186-207. https://bitly.ws/WusK

Locke, E. A., & Latham, G. P. (2019). The development of goal setting theory: A half-century retrospective. Motivation Science, 5(2), 93. https://bitly.ws/WUrV

Martin, M. (2023, September 7). Education - United Nations Sustainable Development. United Nations Sustainable Development. https://bitly.ws/Hq3V

Mezan-Rosenthal, E. (2019). The role of peer group in the relationship between peer motivational climate, classroom goal structure and social and academic achievement goals orientation, mediated by social self-efficacy (Doctoral dissertation, School of Education, Bar-Ilan University Ramat-Gan, Israel). https://bit.ly/3lflaOo

News (2023). PIA revised K-12 curriculum January 30. https://bitly.ws/XDaN

Niccum, H. (2018). Addressing student motivation in the school setting. https://bitly.ws/40bJ5Nq

Philippine Star (2019). Headlines: Philippines lowest in reading comprehension among 79 countries. Philstar.com. December 3, 2019. https://bit.ly/3TcnIJE

Sanghvi, P. (2020). Piaget's theory of cognitive development: A review. Indian Journal of Mental Health, 7(2), 90-96. https://bitly.ws/CTvq

Stefa, E. (2018). Supportive relationship between teachers and students and among peers. European Journal of Multidisciplinary Studies, 3(2), 94-97. https://bitly.ws/42qfAth